



## PANALANGIN NG MAG-ANAK PARA SA MGA YUMAO

*"Ipinapahayag natin ang ating pananampalataya sa Kasamahan ng mga Banal at patuloy na pakikiugnay natin sa mga yumao. Pinaniniwalaan natin na hindi tayo tuluyang inihihawalay ng kamatayan sa ating mga minamahal na sumakabilang buhay na. Sa kamatayan, ang buhay ay pinapanibago at hindi winawakasan...Maglalaan tayo ng panahon bilang mag-anak sa ating mga tahanan na alalahanin sa panalangin ang ating mga mahal sa buhay na sumakabilang buhay na. Isang banal na gawain ang ipanalangin ang mga yumao na. Makabubuti na magbahaginan ang mga kasapi ng pamilya at panariwain ang mga alaala ng mga yumaong mahal sa buhay na makapagbubuklod sa ugnayan ng pamilya." (Tagubilin ng Pastol "Kaisa ng Mga Yumaong Mahal sa Buhay")*

*Upang makatulong sa panalangin, maaring maghanda ng altar na may krusipiho at kandila gayundin ang mga larawan ng mga yumaong kamag-anak. Pamumunuan ang panalangin ng pinuno ng tahanan. Maaring maglingkod bilang mga tagabasa ang ibang kasapi ng pamilya.*

*Ang panalangin ito ay maari ring gamitin sa pagdalaw sa sementeryo o kolumbaryo sa mga araw na pinahihintulutan. Pagkatapos ng Pangwakas na Panalangin, maaring wisikan ng namumuno sa panalangin ng banal na tubig ang puntod.*

### Namumuno:

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.

Lahat:  
Amen.

### SALMO AT PANALANGIN

Lahat:  
Sa aming pangungulila, ikaw, Poon, ay kasama.

### Namumuno:

Purihin ang Panginoon!  
Kaluluwa ko, ang Diyos ay papurihan  
Pupurihin ko siya»t aking aawitan;  
aking aawitin habang ako»y buhay. Tugon.

### Namumuno:

Mapalad ang tao, na ang kanyang Diyos  
na laging katulong ay ang Diyos ni Jacob;  
Sa Diyos na mahabagin, umaasang lubos.  
Sa Diyos na lumikha niyong kalangitan,  
ng lupa at dagat, at lahat ng bagay.  
Ang kanyang pangako ay maaasahan. Tugon

### Namumuno:

Panig sa inapi, kung siya»y humatol,  
may pagkaing handa, sa nangagugutom.  
Pinalaya niya ang mga nabihag;  
Pinapanauli, paningin ng bulag,  
lahat ng inapi ay itinataas,  
ang mga hinirang niya»y nililingap. Tugon.

### Namumuno:

Isinasanggalang ang mga dayuhang  
sa lupain nila»y doon tumatahan;  
tumutulong siya sa balo»t ulila,  
masamang balangkas pinipigil niya.  
Ang Diyos na Poon, walang hanggang hari!  
Ang Diyos mo, Sion, ay mananatili! Tugon..

### MABUTING BALITA

Pakinggan natin ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga tao, ≈Lalapit sa akin ang lahat ng ibinigay sa akin ng Ama. At hindi ko itataboy ang sinumang lumapit sa akin. Sapagkat ako»y bumaba mula sa langit, hindi upang gawin ang kalooban ko, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin. At ito ang kanyang kalooban: huwag kong pabayaang mawala kahit isa sa mga ibinigay niya sa akin, kundi muling buhayin sila sa huling araw.

Sapagkat ito ang kalooban ng aking Ama: ang lahat ng makakita at manalig sa Anak ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. At sila'y muli kong bubuhayin sa huling araw."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

Lahat:

Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

### PAGNINILAY AT PAGBABAHAHI

#### PANALANGING PANGKALAHATAN

##### Namumuno:

Mga kapatid,  
halina't manalangin nang buong pananalig  
sa Diyos Amang makapangyarihan.  
Binuhay niyang muli ang Anak niyang si Kristo  
upang maging pagkabuhay ng lahat ng tao.

Lahat:

Panginoon, dinggin mo kami.

##### Namumuno:

Noong binyagan ang ating mga yumaong kapatid  
sa kanila'y ipinunla ang binhi ng buhay na walang hanggan.  
Nawa'y umani ito ng pagkabuhay  
sa piling ng mga banal sa kalangitan.  
Idalangin natin siya sa Poong Maykapal. Tugon.

##### Namumuno:

Ang lahat ng namatay na umaasang muling mabubuhay  
ay malugod nawang tanggapin ng Diyos  
sa piling niya sa kalangitan.  
Idalangin natin sila sa Poong Maykapal. Tugon.

##### Namumuno:

Ang lahat ng ating mga kapatid na naririto,  
ang mga nagdadalamhati at nalulumbay,  
at ang lahat ng sa kanila'y nakikiramay  
ay magkasama-sama nawa sa langit na tahanan.  
Idalangin natin sila sa Poong Maykapal. Tugon.

##### Namumuno:

Nawa'y gantimpalaan ng Panginoon  
ang ating mga yumaong kapatid,  
kamag-anak at pinagkakautangan ng loob.  
Idalangin natin sila sa Poong Maykapal. Tugon.

##### Namumuno:

Alalahanin mo kami sa iyong kaharian, Panginoon at turuan mo  
kaming manalangin.

### AMA NAMIN

##### Namumuno:

Ama naming Maykapal,  
itinuturo sa amin ng pananampalataya  
na ang iyong Anak na si Hesukristo  
ay namatay at muling nabuhay  
upang hanguin kami sa kamatayan.  
Yayamang ang aming mga kapatid na yumao  
ay nahihimlay na may pag-asa kay Kristo,  
loobin mo na sa huling araw makasama siya  
sa kanyang maluwalhating muling pagkabuhay.  
Iniluluhog namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo  
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

Lahat:

Amen.

*Kapag ang panalangin ay ginawa sa sementeryo o kolumbaryo, maaring wisikan ng banal na tubig ng namumumuno sa panalangin ang puntod ng yumao.*

##### Namumuno:

Pagpalain nawa tayo ng makapangyarihang Diyos, ipag-adya sa lahat ng kasamaan at akayin sa buhay na walang hanggan.

Lahat: Amen